# USAPANG PAMILYA

Small Group Study Guide

## Part 2: Ang Paghihiwalay

### PANIMULA

1. *Batay sa nakaraang pinag-aralan, ano ang magandang layunin ng Diyos sa mag-asawa? Sa tingin mo, sa anu-anong paraan nababaluktot ang disenyong ito sa panahon ngayon?*

Nais ng Diyos sa mga mag-asawa na magkaroon sila ng commitment na magsama nang habang-buhay at maranasan ang pagiging “isa” (intimacy) sa pagsasama. Pero may mga bagay na kapag hindi natin binantayan ay sisira sa magandang disenyong ito ng Diyos. Kabilang sa mga ito ang pangangalunya (adultery) at paghihiwalay (divorce). Basahin ang Mateo 19:3–9.

### PAGSASALIKSIK

2. *Basahin ang tanong ng mga Pariseo kay Jesus sa verse 7. Batay sa nauna nang sagot ni Jesus sa una nilang tanong (verse 3), ano ang masasabi mo sa ugali ng mga Pariseo sa kanilang pagtatanong ulit?*

3. *Sa verse 8, paano sinagot ni Jesus ang tanong nila? Ano ang pagkakaiba ng “ipinag-utos” (verse 7) sa “ipinahintulot” (verse 8) ang paghihiwalay?*

4. *Ano ang dahilang ibinigay ni Jesus bakit ito "ipinahintulot" (verse 8)? Tingnan din ang Deuteronomio 24:1–4.*

5. *Ayon sa sagot ni Jesus sa verse 8, sa tingin mo ba ay natutuwa ang Diyos kapag naghihiwalay ang mag-asawa? Bakit? Tingnan din ang Malakias 2:16 at 1 Corinto 7:10–11.*

6. *Hindi man legal ang divorce sa Pilipinas, sa anu-anong paraan na parang ganito rin ang ginagawa ng mga mag-asawa?*

7. *Basahin ang verse 9. Hindi man magkahiwalay ang mag-asawa, maaaring ikasira ng kanilang relasyon ang pangangalunya (adultery). Ano ang damdamin dito ng Diyos (Exodo 20:14, 17) at ng Panginoong Jesus (Mateo 5:28)?*

8. *Maliwanag sa verse 9 na pangangalunya ang pag-aasawa ulit malibang ang unang asawa ay patay na (Roma 7:2–3; 1 Corinto 7:10–11, 39). Anong klaseng commitment ang ipinapahiwatig nito na dapat makita sa mga mag-asawa? Anu-anong excuse ang ginagawa nating dahilan para i-justify ang paghihiwalay ng mag-asawa?*

9. *May nakalagay na "exception clause"*[2] *sa verse 9 na parang puwedeng hiwalayan ang asawa at mag-asawa ulit kung*

---

[2] Pansinin mong wala ito sa tala ni Marcos (10:11–12) at Lucas (16:18). Makikita mong ang translation sa "exception clause" na ito sa Mateo ay pakikiapid o pangangalunya.

*“pakikiapid” (sexual immorality, ESV) ang dahilan. Bakit sa tingin mo ay hindi naman puwedeng maging dahilan ang adultery para mag-asawa ulit base sa taas ng standard ng Panginoon sa verses 5–6 at sa reaksyon ng mga alagad sa verse 10?*

---

Na para bang “adultery” ang isang dahilan na puwedeng maghiwalay ang mag-asawa at makapag-asawa ulit na hindi nagkakasala ng “adultery.” Posible na ang salitang ginamit dito (*porneia*) ay tumukoy sa “adultery” dahil malawak ang kahulugan nito, na tumutukoy sa anumang pakikipagtalik na hindi dapat. Karamihan ng mga commentaries na tiningnan ko ay ganoon ang interpretation. Pero may nakita ako, tulad nila John Piper, James Boice, at D. A. Carson, na nagpaliwanag kung bakit maaari ring hindi “adultery” ang tinutukoy ng Panginoon sa exception na ito. Nagbigay sila ng ilang mga dahilan at ang mga ito ay ang akin ding basehan kung bakit naniniwala akong hindi sapat na dahilan ang “adultery” para makipaghiwalay sa asawa at mag-asawa ng iba. Ang salitang ginamit sa exception clause ay *porneia* at hindi *moicheia* na tiyak na tumutukoy sa adultery. Puwedeng gamitin ito ni Matthew pero hindi niya ginamit.

Sa pagkakagamit niya, may kaibahan ang dalawang ito. Tulad ng sa Mateo 15:19 na sa listahan ng mga kasalanan ay pinaghiwalay niya ang dalawang ito (suggesting a difference in meaning) bagamat may overlap din. Naisip ko rin na kung “adultery” ang tinutukoy na exception dito, at si Jesus naman ay may malalim na pananaw ukol sa adultery (Mat. 5:28), mas magiging madaling gawing excuse ito sa paghihiwalay ng mag-asawa. Para kay Jesus, ang pagsasama ng mag-asawa ay nakadepende hindi sa kung magkakasala sila ng adultery o hindi, kundi nakadepende sa disenyo ng Diyos, sa pagdeklara niyang pinag-isa niya ang mag-asawa at maging ang “adultery” ay hindi dapat gamiting dahilan para maghiwalay.

Pansinin mo rin na sa Matthew lang makikita ang exception clause na ito (19:9; 5:32). Sa Mark at Luke ay walang nakalagay na ganito. Bakit kaya? Isang posibleng explanation ay dahil maaaring akusahan si Jesus na ang kanyang nanay ay nagkasala ng “sexual immorality” (*porneia*) nang ipagbuntis niya si Jesus (John 8:41, John Piper). Si Matthew lang din ang naglagay ng account ng plano ni Joseph na i-divorce si Mary nang malaman niyang siya’y buntis. Hindi pa nga sila kasal ngunit ang engagement sa kanila ay may bisa rin ng kasal kaya kailangang i-divorce para hindi malagay sa alanganin si Mary. Maaaring nakalagay ang exception clause sa Matthew para depensahan ang tangkang gawing divorce ni Joseph na tama lang at hindi kasalanan (James Boice, *The Gospel of Matthew*, p. 403). At kung ganito, puwede pa silang makapag-asawa ng iba. At hindi ito adultery.

## PAGSASABUHAY

10. *Kung ikaw ay may-asawa, paano mo isasalarawan ang damdamin mo ngayon sa iyong buhay may-asawa kung ganito pala kabigat ang standard ng Panginoon? Kung single ka pa, ano ngayon ang nararamdaman mo tungkol sa paghahanda sa pag-aasawa?*

11. *Sa mga susunod na araw, paano mo ipapakita sa iyong asawa ang iyong commitment at faithfulness sa inyong relasyon? Kung wala kang asawa, ano ang nais mong ipanalangin sa puso mo tungkol sa motibasyon at layunin mo sa pag-aasawa?*

12. *Anuman ang sitwasyon mo sa relasyon sa ibang tao ngayon, paanong ang mabuting balita ni Cristo at ang mangyayari sa kanyang pagbabalik (tingnan ang Pahayag 21:1–4) ay nagbibigay ng pag-asang panghahawakan natin sa buhay na ito?*

## BUOD NG PAG-AARAL

Ang pangangalunya, paghihiwalay, at pag-aasawang muli pagkatapos ng paghihiwalay ay pagbaluktot sa magandang disenyo ng Diyos sa pag-aasawa. Sa taas ng pamantayan ng Diyos sa pag-aasawa, hindi basta-basta ito dapat pasukin. At sa mga may-asawa na, dapat gawin ang lahat ng magagawa sa tulong ng Panginoon na mapanatili ang pagsasama habang nabubuhay.